STEP TOGETHER

Isang ligtas na lugar para sa impormasyon at suporta

STEP TOGETHER

Para sa kumpidensyal, independiyenteng suporta:

Tumawag sa 1800 875 204 o bisitahin ang **STEPTOGETHER.COM.AU**

May salin na makukuha sa helpline (linya ng tulong).

Makipag-ugnayan

@StepTogetherAU

@StepTogetherAU

/company/step-together/

Protektahan ang mga taong kakilala mo mula sa landas patungo sa marahas na ekstremismo.

Tumawag sa 1800 875 204 o bisitahin ang **STEPTOGETHER.COM.AU**

Pinondohan ng Pamahalaan ng NSW at inihatid sa pamamagitan ng On The Line.

Filipino

Kung may napansin kang mga pagbabago sa isang taong malapit sa iyo, kabilang ang sukdulang pag-uugaling anti-social (pag-uugaling hindi katanggap-tanggap sa lipunan) na sinamahan pa ng matinding interes sa politika, ideyolohiya o relihiyon, maaaring nakakatakot at nakababahala ito.

Bagaman hindi lahat ng mga pagbabagong ito ay dahilan upang mag-alala, maaaring nagpapahiwatig ang mga ito ng nagsisimulang posibleng karahasan para sa kanilang sarili o sa iba.

Paano ako makakatulong

Ang maagang suporta ang pinakamabuting paraan upang mabawasan ang panganib ng paglahok sa gawaing marahas.

Minsan, kasing dali lang ito ng pakikinig sa paraang mapagmalasakit at walang paghuhusga. Sa ilang kaso, maaaring kailangan mong sumangguni sa ibang mga tao sa komunidad na makakatulong.

Ang pakikipag-usap sa isang taong sinanay na tumulong ay isang mabuting unang hakbang.

Paano makakatulong ang Step Together

Ang **Step Together** ay isang helpline at serbisyong online na may mga sinanay na tagapayo. Nagbibigay kami ng ligtas na lugar upang tulungan ang mga taong may kakilala na maaaring patungo sa landas ng marahas na ekstremismo.

Pribado at kumpidensyal na payo

Kami ay hiwalay sa mga serbisyo ng pulisya at pambansang seguridad, at anumang impormasyon na iyong ibabahagi ay ituturing na kumpidensyal

Tawagan kami sa **1800 875 204** o bisitahin ang **steptogether.com.au**